# *Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 42*
# *Ang Talinghaga ng mga Talento*

***"14 Sapagka't tulad sa isang tao, na nang paroroon sa ibang lupain, ay tinawag ang kaniyang sariling mga alipin, at ipinamahala sa kanila ang kaniyang mga pag-aari. 15 At ang isa'y binigyan niya ng limang talento, ang isa'y dalawa, at ang isa'y isa; sa bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang kaya; at siya'y yumaon sa kaniyang paglalakbay. 16 Ang tumanggap ng limang talento pagdaka'y yumaon at ipinangalakal niya ang mga yaon, at siya'y nakinabang ng lima pang talent. 17 Sa gayon ding paraan ang tumanggap ng dalawa ay nakinabang ng ibang dalawa pa. 18 Datapuwa't ang tumanggap ng isa ay yumaon at humukay sa lupa, at itinago ang salapi ng kaniyang panginoon. 19 Pagkatapos nga ng mahabang panahon, ay dumating ang panginoon ng mga aliping yaon, at nakipaghusay sa kanila. 20 At ang tumanggap ng limang talento ay lumapit at nagdala ng lima pang talento, na nagsasabi, Panginoon, binigyan mo ako ng limang talento: narito, ako'y nakinabang ng lima pang talent. 21 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. 22 At lumapit naman ang tumanggap ng dalawang talento at sinabi, Panginoon, binigyan mo ako ng dalawang talento: narito, ako'y nakinabang ng dalawa pang talent. 23 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon. 24 At lumapit naman ang tumanggap ng isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan; 25 At ako'y natakot, at ako'y yumaon at aking itinago sa lupa ang talento mo: narito, nasa iyo ang iyong sarili. 26 Datapuwa't sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi sa kaniya, Ikaw na aliping masama at tamad, nalalaman mong ako'y gumagapas sa hindi ko hinasikan, at nagaani doon sa hindi ko sinabugan; 27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang. 28 Alisin nga ninyo sa kaniya ang talento, at ibigay ninyo sa may sangpung talent. 29 Sapagka't ang bawa't mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't ang wala, pati pa nang nasa kaniya ay aalisin sa kaniya. 30 At ang aliping walang kabuluhan ay inyong itapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 25:14-30 KJV)***

Ito ay isa pang talinhaga na ibinahagi ng Panginoong JesuCristo sa Kanyang mga alagad, bago Siya magdusa at mamatay sa krus para sa ating mga kasalanan. Sinalita Niya ito tungkol sa Kanyang pagbabalik at kung paano Niya hahatulan tayo ayon sa ginawa natin sa ipinagkatiwala Niya sa atin. Sa ***Mateo 25*** sinalita ni Jesus ang Kanyang pangalawang pagparito at tungkol sa Kanyang paghatol sa tatlong mga talinghaga at sa talinghaga ng mga talento ay isa sa mga ito. Inilalarawan Ang mga talento ang mga ipinagkatiwala ng Dios sa atin, ang ibinigay ni Jessu sa atin bago Siya umakyat sa Langit; ang mga pagpapalang nais Niyang gamitin natin para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa kapakanan ng mga taong nakapalibot sa atin na inilagay ng Dios sa ilalim n gating pangangalaga, at tayo'y hahatulan sa Kanyang pangalawang pagparito o kapag tayo'y namatay, o sa anumang oras ayon sa kung paano natin ginamit ang mga talento na ipinagkatiwala ng Dios sa atin. Ang mga talento ay ang mga sumusunod:

***A. Ang mga talento ay maaring maging ang ating buhay at kaluluwa:*** Ibinigay ng Dios sa iyo ang buhay at iyong buhay ay hindi para sa iyo kundi ito ay para sa Dios. Marami ang nagsasabi, Ito ay aking buhay at gagawin ko ang anumang naisin kong gawin. Ngunit iyon ay hindi tama, ang iyong buhay ay nabibilang sa Dios at hindi mo magagawa ang nais at gusto mo, dahil kailangan mong gawin ang nais ipagawa ng Dios sa iyo. Hindi ka makakapag aral ng gusto mo, o mag asawa sa gusto mo, o bumili ng gusto mo, o mamuhay sa paraan na gusto mo, o maglakbay kung saan mo gusto, o magtrabaho kung anong gusto mo, dahil simple ang iyong buhay, katawan at kaluluwa ay para sa Dios at hindi mo magagawa sa mga ito ang gusto mo, Binigyan tayo ng Dios ng bawat katawan at kaluluwa kaya kailangan nating alagaan ang mga ito; kailangan nating kumain ng masustanyang pagkain at matulog at magkaroon ng pahinga at alagaan ang ating mga kaluluwa at mamuhay sa isang angkop na kapaligiran malayo mula sa mga tukso, upang patuloy na maglingkod sa Dios. Kailangan mong sundin ang Kanyang plano at gawin ang kalooban ng Dios at hindi ang iyong kalooban at plano. Ang tatlong lalaki sa talinghaga ay tinawag na mga lingkod, ***"14 Sapagka't tulad sa isang tao, na nang paroroon sa ibang lupain, ay tinawag ang kaniyang sariling mga alipin, at ipinamahala sa kanila ang kaniyang mga pag-aari." (Mateo 25:14 KJV)*** Bawat isa sa atin ay dapat maging lingkod ng Dios at dapat tayong maging mabuting katiwala ng ipinagkatiwala sa atin ng Dios sa ating buhay. Inilagay ng Dios ang bawat isa sa atin sa tiyak na lugar, sa tiyak na posisyon, at sa tiyak na pakikipag ugnayan sa mga tao at inaasahan sa atin na gagawin ang mga bagay na naayon sa Kanyang Salita, kalooban at plano.

***B. Ang mga talento ay maaring maging oras na magagamit para sa atin:*** Ang hangarin ng Dios para sa atin ay gamitin ang oras na ito nang mabunga: Mayroong 24 oras sa isang araw. Nais ng Dios sa atin na gamitin ang mga oras ng isang araw na mabunga. Mula sa oras na magising tayo hanggang mahiga sa kama, kailangan nating tumanggap ng isang malinaw na programa mula sa Dios kung ano ang kailangan nating gawin. Hindi tayo dapat maging walang pakay at walang mga layunin at huwag tayong magsayang ng oras. May dahilan para sa bawat araw at may kaganapan para sa gawain at pagkamit ng tao. Noong tayo ay bata pa, mayroong tayong higit na lakas at huwag dapat nating sayangin ito dahil kapag tayo'y matanda na hindi na natin magagawa ang mga bagay na magagawa natin noong tayo'y bata pa. Ang oras ay katumbas ng salapi, kung sasayangin mo ito, kung gayon nagsasayang ka ng salapi. Ang oras ay tabak kung hindi mo ito hahawakan ng mabuti masusugatan ka. Kung sasayangin mo ang iyong oras kung gayon nililipol mo ang iyong buhay at ginagawa itong hindi mabunga. Kailangan mong ingatan ang iyong oras para magtrabaho, matulog, magpahinga, maglingkod sa Dios, oras sa iyong pamilya, panahon na mag aral, manalangin, magbasa ng Bibliya, mag ayuno, mag evangelio, at oras upang tulungan ang mga tao, Kailangan mong iwasang magsayang ng oras sa mga kaibigan, Media, mga Balita, palaro, pakikipagtsismisan, pakikipag away, hindi kinakailangang mga paglalakbay at pagkilos upang ikaw ay maging mabunga at gawin nang ganap ang itinakdang gawin mo. Pahalagahan ang oras iyong buhay, gamitin ito nang naangkop at ihinto ang pagsasayang nito.

***C. Ang mga talento ay maaring maging mga kasanayan at ang mga talento na ibinigay sa atin ng Dios:*** Ang ating mga kasanayan sa trabaho, ang ating iba't ibang talento na dala dala ng ating katawan magmula sa kapanganakan, ang mga wika na ating winiwika, ang ating mahusay na kaalaman sa agham at ang kakayahang matuto at gamitin ang teknolohiya ay dapat gamitin para sa pagpapalawig ng Kaharian ng Dios. Lahat ng mayroon ka sa mga ito ang mga ito ay mga talento at kailangan mong gamitin ang mga ito para sa kaluwalhatian ng Dios upang maglingkod sa Kanya at maglingkod sa mga tao sa paglilingkod sa layunin ng Dios sa iyong buhay. Mababasa natin sa ***Mateo 25:15*** ang mga salitang sa kaniya kaniyang kaya ***"sa bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang kaya;*** ito'y nangangahulugan ng bawat isa sa atin ay may kaniya kaniyang at hindi isang kakayahan, Mababasa rin natin sa ***Mateo 25:16,*** ang salitang ipangalakal, ***"Ang tumanggap ng limang talento pagdaka'y yumaon at ipinangalakal niya ang mga yaon, at siya'y nakinabang ng lima pang talento."*** Ito'y nangangaluhugan na kailangan nating gamitin ang mga ito at gamitin ang lahat ng mga ito sa Kaharian ng Dios.

***D. Ang mga talento ay maaring maging materyal na mga ari-arian na ibinigay Niya sa atin:*** Pinagpala tayo ng Dios sa mga trabaho, sahod, kayamanan at pag aari, kapital, lupain, bahay, sakahan, hayop, alahas, pilak at ginto at marami pang ibang mga bagay na kailangan nating gamitin para sa Kanyang kaluwalhatian at para sa pangalan ni Jesus upang maitaas. Nais ng Dios na gamitin mo ang pera na ibinigay sa iyo nang maayos. Kailangan mong magtrabaho upang kumita. Kailangan mong mag ikapu sa iyong kita at kailangan mong maglaan sa iyong mga kailangan. Hindi mo kailangang sayangin ang iyong salapi. Kailangan mong mag ipon ng ikalimang bahagi sa iyong kita. Kailangan mong magtago ng kaunti para tulungan ang dukha, kailangan mong magbigay ng handog sa Dios, kailangan mong pagsikapan na magbayad ng iyong unang bunga at kaya naman kailangan mong maging matalino sa pangangasiwa sa iyong salapi. Ganoon din para sa iba pang mga materyal na bagay na kailangan mong gamitin nang matalino ang ibinibigay sa iyo ng Dios at gamitin ang mga ito para sa Kanyang paglilingkod at ministeryo.

***E. Ang mga talento ay maaring maging espirituwal na mga kaloob na ibinigay Niya sa iyo:*** Ito ang mga kaloob na ibinigay ng Dios sa atin matapos nating tanggapin si Cristo at mabautismuhan ng Banal na Espiritu. Ang mga sumusunod ay ang mga kaloob ng Banal na Espiritu: Salita ng karunungan, kaloob ng pananampalataya, kaloob ng pagpapagaling, kaloob na gumawa ng mga himala, kaloob ng pagbibigay, pagpapakita ng awa, kaloob ng tulong, pamumuno, pangangasiwa, kaloob ng tagapaghikayat, mga pastor, guro, propeta, at ebanghelista, Binigyan Niya tayo ng iba't ibang mga kaloob upang itayo ang katawan ni Cristo, sanayin ang mga banal at turuan sila. Ang mga kaloob na ito ay gagamitin upang paglingkuran ang mga tao para sa kabutihan ng lahat, at upang magdala ng karangalan at kaluwalhatian sa Dios. Ang mga espirituwal na mga kaloob ay hindi dapat gamitin para sa pangkaperahang pakinabang o bilang daan sa pagkain. Hindi dapat pahintulutan ng simbahan ang gayong maling pag uugali. Ang ilang mangangaral ay nagpapalipat lipat sa iba't ibang simbahan upang makakuha ng pananalapi sa bawat pulong ng pangangaral. May mga nagpopropesiya at naghuhula ng hinaharap at may mga gumagawa ng himala at kumikita. May mga naghahanap ng mga simbahan upang bayaran sila para sa kanilang mga talento at serbisyo at gamitin ang kanilang mga kaloob na ibinigay ng Dios nang may maling motibo at layunin. Sinasalungat ng mga ito ang dakilang atas ng Panginoon. Kaya kailangan nating gamitin ang mga kaloob na ito upang yumaon at ipangaral ang evangelio at gumawa ng mga alagad tulad ng iniutos sa atin ni Jesus. ***"18 At lumapit si Jesus sa kanila at sila'y kaniyang kinausap, na sinasabi, Ang lahat ng kapamahalaan sa langit at sa ibabaw ng lupa ay naibigay na sa akin. 19 Dahil dito magsiyaon nga kayo, at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, na sila'y inyong bautismuhan sa pangalan ng Ama ng Anak at ng Espiritu Santo. 20 Na ituro nga ninyo sa kanila ang kanilang ganapin ang lahat ng mga bagay na iniutos ko sa inyo at narito, ako'y sumasa inyong palagi, hanggang sa katapusan ng sanglibutan." (Mateo 28:18-20 KJV)*** Hindi tayo dapat gumawa ng salapi bilang layunin sa paglilingkod sa Dios at huwag nating pahintulutan ang salapi na maging hadlang sa atin na maglingkod, at kailangan nating maging handa na maglaan sa tuwing kailangang gawin iyon.

Binigyan ng Dios ang bawat isa sa atin ng kahit isang bahagi man lang ng mga nabanggit na talento. Ang ilan ay nakatanggap ng marami; ang iba ay may kaunti, ***"sa bawa't isa'y ayon sa kanikaniyang kaya;"*** Hindi mo maaring sabihin na walang kang tinanggap na anuman; Binigyan ka ng Dios ng tiyak na mga bagay at kailangan mong managot sa natanggap mo. Si Jesus, sa talinghaga ng mga talento, inilarawan kung paanong ang Panginoon, na si Jesus Mismo, ay ipinagkatiwala sa Kanyang mga alipin ang ilang mga talento bago Siya umalis sa Kanyang paglalakbay. Nang Siya ay bumalik, Siya ay nakipagtuos sa mga ipinagkatiwala sa kanila. ***"19 Pagkatapos nga ng mahabang panahon, ay dumating ang panginoon ng mga aliping yaon, at nakipaghusay sa kanila." (Mateo 25:19 KJV)*** Sa anumang oras maaari tayong tawagin upang magbigay ng ulat sa Dios, o sa pangalawang pagparito ni Cristo, o sa ating kamatayan, o maging sa anumang oras ng ating buhay, at hahatulan, kaya't kailangan nating maging handa na hatulan ayon sa ating natanggap at ating ginawa. Tungkol sa halaga ng isang talento, sinasabi ng ilan na ang talento ay katumbas ng 30 kilo at ang sabi ng iba ito ay katumbas ng 60 kilo.

Anuman ang talento ay binubuo mula sa, halimbawa pilak, kahit na nakatanggap ka ng isang talento kung gayon ang painakamaliit na natanggap mo ay tatlumpung kilo ng pilak, kung lima kung gayon ay 150 kilo, at hindi iyon isang maliit na bagay lalo na sa panahon ni Jesus at maaari mong gawin ang maraming mga bagay gamit ito. Kaya muli hindi mo masasabi na wala kang natanggap. Ang alipin na nakatanggap ng limang talento ay nagdala pa ng lima at ang isa na nakatanggap ng dalawa ay nagdoble rin ang kanyang bahagi. Kaya ano ang mapapagpasyahan natin dito na nais ng Dios na magkaroon tayo ng 100% na pagtaas sa ibinigay sa atin ng Dios.

Ngunit ang alipin na nakatanggap ng isang talento ay binigo ang kanyang Panginoon gaya ng mababasa natin: ***"24 At lumapit naman ang tumanggap ng isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan; 25 At ako'y natakot, at ako'y yumaon at aking itinago sa lupa ang talento mo: narito, nasa iyo ang iyong sarili." (Mateo 25:24-25 KJV)*** Wala siyang ginawang mabuti sa kanyang natanggap. Ikaw ay hahatulan kung tinanggap mo at hindi ka handang magbigay, magbahagi o gawin ang inaasahan ng Dios sa iyo.

Bakit hindi ginamit ng aliping ito ang ibinigay ng Dios sa kanya? Ano ang humadlang sa kanya mula sa pagiging epektibo sa paggawa ng gawain ng Dios at mamunga? Gaya ng ating napagtanto ang sinabi niya sa Panginoon at ang sinabi ng Panginoon sa kanya, malalaman

natin kung ano ang ginawa sa aliping iyon at kung ano ang maaaring gawin sa atin na hindi epektibo sa paggamit ng talento na ibinigay ng Dios: ***"26 Datapuwa't sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi sa kaniya, Ikaw na aliping masama at tamad, nalalaman mong ako'y gumagapas sa hindi ko hinasikan, at nagaani doon sa hindi ko sinabugan; 27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang." (Mateo 25:26-27 KJV)***

***1. Katamaran o makupad:*** Dito ay itinuro sa atin sa talinghaga na ang mga taong tamad ay hahatulan dahil sa kanilang kasalanan ng katamaran, na kukunin ng Dios sa kanila ang ibinigay Niya sa kanila at magtatapos sa impierno. Kaya't pinapayuhan natin ang gayong mga tao na magsisi. Ating alamin, ang magpaliban, ipagpaliban, at kunin ang pagtulog nang higit sa kinakailangan ay mag aagaw sa atin ng oras na ibinigay sa atin ng Dios. ***"30 Ako'y nagdaan sa tabi ng bukid ng tamad, at sa tabi ng ubasan ng taong salat sa unawa; 31 At, narito, tinubuang lahat ng mga tinik, ang ibabaw niyaon ay natakpan ng mga dawag, at ang bakod na bato ay nabagsak. 32 Ako nga'y tumingin, at aking binulay na mabuti: aking nakita, at tumanggap ako ng turo. 33 Kaunti pang tulog, kaunti pang idlip, kaunti pang paghahalukipkip ng mga kamay upang matulog: 34 Gayon darating ang iyong karalitaan na parang magnanakaw; at ang iyong kasalatan na parang nasasandatahang tao." (Kawikaan 24:30-34 KJV)*** Dito matutunan natin mula sa talinghangang ito na binigyan tayo ng Dios ng mabubuting bagay at mabuting mapagkukunan, at kaya kung hindi natin gagamitin ng matalino at masigasig at magsasayang ng oras sa pagtulog, hindi pagtatrabaho at patuloy na pagpagpapaliban, kung gayon walang magiging bunga, sa halip mga dawag at tinik at sirang mga dingding na nagpapakita ng mga pagkawala at pagkasira dahil sa katamaran. Nais ng Dios sa atin na maging masigasig sa ating buhay. Kailangan nating maglaan ng maraming oras sa pananalangin, ng maraming oras sa pagbabasa ng Bibliya, na Salita ng Dios, at pagnilayan ito. Marami ang nawalan ng marami sa ibinigay ng Dios sa kanila dahil sa katamaran at kawalan ng kasipagan, Marami sa Banal na Kasulatan ang nagpapayo at nagsasabi laban sa katamaran at nagtuturo sa atin kung paanong ang katamaran at kabagalan o pagiging makupad ay sisira sa ating buhay.

***A. "6 Pumaroon ka sa langgam, ikaw na tamad; masdan mo ang kaniyang mga lakad at magpakapantas ka: 7 Na bagaman walang pangulo, tagapamahala, o pinuno. 8 Naghahanda ng kaniyang pagkain sa taginit, at pinipisan ang kaniyang pagkain sa pagaani." (Kawikaan 6:6-8 KJV)*** Dito tinawag tayo na bigyang pansin ang mabuting halimbawa ng langgam na pulutin at tipunin ang mga bagay at iimbak ang mga ito upang magamit ang mga ito sa tamang oras upang matugunan ang ating mga pangangailangan. Sa mga tamad ay tanggapin ang pagsaway na ito: ***"9 Hanggang kailan matutulog ka, Oh tamad? Kailan ka babangon sa iyong pagkakatulog? 10 Kaunti pang pagkakatulog, kaunti pang pagkaidlip, kaunti pang paghahalukipkip ng mga kamay upang matulog: 11 Sa gayo'y ang iyong karalitaan ay darating na parang magnanakaw, at ang iyong kasalatan na parang lalaking may sandata." (Kawikaan 6:9-11 KJV)***

***B. "4 Kung saan walang baka, ang bangan ay malinis: nguni't ang karamihan ng bunga ay nasa kalakasan ng baka." (Kawikaan 14:4 KJV)*** Dito itinuturo sa atin na sa pagsusumikap lamang ang makakapgdulot sa sa atin ng masaganang yaman at ng mga pagpapala ng Dios.

***C. "4 Ang tamad ay nagnanasa, at walang anoman, ngunit ang kaluluwa ng masipag ay tataba." (Kawikaan 13:4 KJV)*** Dito ay itinuturo sa atin na ang tanging ang masigasig na gawain lamang ang ang makakapagpasaya sa ating mga pangangailangan at hangarin.

***D. "24 Idinadampot ng tamad ang kaniyang kamay sa pinggan, at hindi na magsusubo pa sa kaniyang bibig uli." (Kawikaan 19:24 KJV)*** Ang mga taong tamad at hindi handang tulungan ang kanilang sarili kahit matugunan ang kanilang pangunahing pangangailangan.

***E. "13 Sinasabi ng tamad, may leon sa labas: mapapatay ako sa mga lansangan." (Kawikaan 22:13 KJV)*** Ang mga taong tamad ay mayroong mabuting salaysay, mga dahilan at pagngangatwiran upang tumakas mula sa mahirap na gawain ngunit sa huli ay walang anoman.

***"4 Ang tamad ay hindi magaararo dahil sa tagginaw; kaya't siya'y magpapalimos sa pagaani, at wala anoman." (Kawikaan 20:4 KJV) "13 Sinabi ng tamad, may leon sa daan; isang leon ay nasa mga lansangan. 16 Ang tamad ay lalong pantas sa ganang kaniyang sarili kay sa pitong tao na makapagbibigay katuwiran." (Kawikaan 26:13, 16 KJV)*** Ang pangatlong alipin na nakatangap ng isang talent ay sinabi sa Panginoon ang sumusunod: ***"25 At ako'y natakot, at ako'y yumaon at aking itinago sa lupa ang talento mo: narito, nasa iyo ang iyong sarili." (Mateo 25:25 KJV)*** Iyon ang kanyang dahilan at ang kanyang paraan upang pagtakpan ang kanyang katamaran. Wala siyang anumang ginawa sa ibinigay ng Dios sa kanya. Siya ay yumaon at naghukay sa lupa at ibinaon ang ibinigay ng Dios sa Kanya. Maging ang Panginoon ay sinabi sa kanya na dapat sana'y inilagay niya sa bangko at nakakuha ng ilang tubo doon upang maibigay niya sa kanyang Panginoon: ***"27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang." (Mateo 25:27 KJV)*** Kaya naman inilalagay natin ang ating salapi na nakatago sa bangko upang makatanggap ng kaunting tubo. Ang tamad na mangaggawang kahit maliit na bagay ay hindi nila gagawin. Kahit na yumaon at manalangin, yumaon at magbigay ng pag aaral ng Bibliya, yumaon at mag anyaya ng iba, tulungan ang iba at ibigay sa kamya ang evangelio.

***F. "14 Kung paano ang pintuan ay pumipihit sa kaniyang bisagra, gayon ang tamad sa kaniyang higaan. 15 Idinadampot ng tamad ang kaniyang kamay sa pinggan; napapagod siyang dalhin uli sa kaniyang bibig." (Kawikaan 26:14-15 KJV)*** Kaya ang taong tamad ay palaging nasa kama at tamad kahit gamitin ang kanyang kamay upang isubo ang kanyang pagkain sa sariling niyang bibig.

***G. "Ang nasa ng tamad ay pumapatay sa kaniya; sapagka't tumatanggi ang kaniyang mga kamay sa paggawa." (Kawikaan 21:25 KJV)*** Ang mga taong tamad ay hindi makakamit ang mga bagay at mamatay na naghahangad sapagkat hindi nila nakamtan ang kanilang hangarin dahil sila'y tamad at ayaw magtrabaho.

***H. "49 Narito, ito ang kasamaan ng iyong kapatid na babae na Sodoma; kapalaluan, kayamuan sa tinapay, at ang malabis na kapahingahan ay nasa kaniya at sa kaniyang mga anak na babae; at hindi man niya pinalakas ang kamay ng dukha at mapagkailangan." (Ezekiel 16:49 KJV)*** Isa sa mga kasalanan ng Sodoma ay ang kapahingahan at ayaw magtrabaho dahil sa kasaganaan ng tinapay na magagamit nila. Kahit na pagpalain tayo ng Panginoon ng kasaganaan ng lingap, kailangan pa rin nating magtrabaho at gawin ang ating tungkulin sa buhay ng simbahan at sa buhay ng lipunan.

***2. Kasamaan:*** Ang pamumuhay sa makasalanang buhay ay ginagawa tayong mga taong walang bunga. Ang katusuhan, ang katalinuhan ng mundo, at katiwalian ay magiging walang bisa sa atin. Anuman ang tagumpay na maaaring tikman ng mga tao sa simula na gumagamit ng kanilang baluktot na mga paraan at kasanayan, sa wakas ay ilalantad sila at haharapin ang mga bunga ng paggamit ng masasamang kagamitan na kanilang ginamit.. Ang pagiimbot, paninibugho, pagnanasa, imoralidad, pagsisinungaling, pagnanakaw, pandaraya, pang aabuso, pananamantala, pakikipag away, galit, pakikipagtalo, hindi pagpapatawad, pagkamakasarili, pagmamataas, kayabangan, at anumang kasalanan ang ipinahintulot mo sa iyong buhay ay walang magiging bisa sa iyong paglilingkod at ministerio sa Dios.

***3. Kakulangan ng kaalaman:*** Nang lumapit ang tamad na masamang alipin upang magbigay ng pananagutan sa kanyang Panginoon, sinabi niya: ***"24 At lumapit naman ang tumanggap ng isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan;" (Mateo 25:24 KJV),*** iniisip niya na nakikilala niya ang kanyang Panginoon nang sinabi niya, ***"nakikilala kita"***, ngunit sa katotohanan, hindi niya nakikilala ng mabuti ang Panginoon. Maraming beses iniisip natin na nakikila natin ang Dios at ang Kanyang mga landas, ngunit sa katotohanan, hindi natin Siya kilala nang mabuti at iyon ay ginagawa tayong hindi epektibong mga lingkod. Sinabi ng Dios, ***"6 Ang aking bayan ay nasira dahil sa kakulangan ng kaalaman: sapagka't ikaw ay nagtakuwil ng kaalaman, akin namang itatakuwil ka, upang ikaw ay huwag maging saserdote ko: yamang iyong nilimot ang kautusan ng iyong Dios, akin namang kalilimutan ang iyong mga anak." (Hosea 4:6 KJV)*** Kung gayon, paano natin malalampasana ang kakulangang ito ng kaalaman ng Dios? Ang tanging paraan ay sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya araw-araw. Ating basahin araw-araw ang Salita ng Dios, pagnilayan ito at isagawa ito sa ating buhay. Ang Salita ng Dios ay ang paraan upang malaman ang kalooban ng ating Panginoon. Kaya tayo'y may pananagutan na abutin ang mga kasapi ng Salita ng Dios at kunin ang bawat kasapi, lalo na ang mga bagong mananampalataya, upang maging bahagi ng pangkat ng pagaaral ng Bibliya sa kung saan ang Salita ng Dios ay ipinapaliwanag nang maayos at tugunan ang espirituwal na kailangan ng bawat isa.

***4. Mapagmataas sa sarili at sinisisi ang iba maging ang Panginoon: "24 At lumapit naman ang tumanggap ng isang talento at sinabi, Panginoon, nakikilala kita na ikaw ay taong mapagmatigas, na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan:" (Mateo 25:24 KJV)*** Ang aliping iyon sa halip na magsisi at magpakumbaba at magtapat at tanggapin ang kanyang kasalanan sinisisi niya ang Panginoon at minsan sinisisi nila ang simbahan at ang pastor na sila'y matigas, hindi makatarungan, mahirap, at nag aakusa ng iba ng masasamang bagay tulad ng paratang ng aliping iyon ng Dios, ***"na gumagapas ka doon sa hindi mo hinasikan, at nagaani ka doon sa hindi mo sinabugan:"*** sila'y napaka galing sa pagsisinungaling at gumawa ng mga salaysay upang idahilan ang kanilang sarili at takpan ang kanilang mga kasalanan at ibigay ang sisi sa iba.

Sinaway ng Panginoon ang tamad na masamang aliping iyon at hinatulan siya batay sa nabigong niyang gawin at sa kasamaang sinabi niya. Sinaway siya ng Panginoon at bago Niya hatulan ang kanyang kasalanan ay ipinakita niya ang hindi niya ginawa. ***"26 Datapuwa't sumagot ang kaniyang panginoon at sinabi sa kaniya, Ikaw na aliping masama at tamad, nalalaman mong ako'y gumagapas sa hindi ko hinasikan, at nagaani doon sa hindi ko sinabugan; 27 Gayon pala'y ibinigay mo sana ang aking salapi sa nagsisipangalakal ng salapi, at nang sa aking pagdating ay tinanggap ko sana ang ganang akin pati ng pakinabang." (Mateo 25:26-27 KJV)*** Sa parehong paraan magagawang sawayin ka ng Dios at ipakita sa iyo ang masamang gawain at ang nabigo mong gawin para sa Dios, kaya maging masikap at magsisi dahil ang paghatol ay darating. Maaring hatulan tayo ng Dios sa parehong paraan habang tayo'y narito pa sa lupa at sa huling paghuhukom kapag Siya ay bumalik. Ang mensahe ngayon ay isang babala para sa iyo upang magsisi at baguhin an iyong mga landas.

***"28 Alisin nga ninyo sa kaniya ang talento, at ibigay ninyo sa may sangpung talent. 29 Sapagka't ang bawa't mayroon ay bibigyan, at siya'y magkakaroon ng sagana: nguni't ang wala, pati pa nang nasa kaniya ay aalisin sa kaniya." (Mateo 25:28-29 KJV)*** Sa hindi tapat na alipin ay aalisin mula sa kanya ng Dios at ibibigay sa tapat na alipin na mayroong higit. Ang paghuhukom ay parating na kaya maging masikap at magsisi. Ang paghuhukom ay magsisimula sa bahay ng Dios, at maging sa mga masamang mga lingkod na tamad, hindi tapat, ginagawa ang kanilang sariling kaunawaan; aalisin ng Dios sa kanila kung anong ibinigay Niya sa kanila at sila ay paroroon sa kalungkutan kung saan ay tatangis at luluha para sa kung anong nawala sa kanila, ***"30 At ang aliping walang kabuluhan ay inyong itapon sa kadiliman sa labas: diyan na nga ang pagtangis at ang pagngangalit ng mga ngipin." (Mateo 25:14-30 KJV)*** at mawawala sa kanila ang walang hanggan at magtatapos sa impierno kung hindi sila magsisi. Ngunit gagantimpalaan din ng Dios ang matuwid. ***"23 Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon." (Mateo 25:23 KJV)*** Kailangan ng Dios sa atin na maging mabuti at tapat na mga lingkod pagkatapos ay idadagdag Niya sa atin at gagawin tayong mga pinuno sa maraming mga bagay bilang tayo'y nagpapatuloy na maging tapat sa Dios. Tatanggap natin mula sa Kanya ang mabuting papuri at mabubuhay sa kagalakan at walang hanggan na papasok sa kagalakan ng ating Panginoon:

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang mensahe ngayon ay magandang paalala at babala sa atin upang siyasatin ang ating sarili. Kailangan nating hangarin na marinig mula kay Jesus kapag Siya ay bumalik o maging ngayon sa ating paglilingkod at ministerio kapag hinatulan tayo, ang mga salitang, ***"Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon."*** Kailangan mong ipakumbaba ang iyong sarili, bantayan ang iyong buhay, at tanggapin ang pagtutuwid mula sa Kanya at mula sa Kanyang simbahan. Kailangan mong mahikayat sa gantimpalang ipinangako Niya sa mga tapat na naglilingkod sa Kanya. Tayo ay mahikayat ngayon bilang mga lingkod ng Dios sa mga gantimpalang ipinangako Niya sa mga mabubuti at tapat at patuloy na maglingkod sa Kanya.

Lumapit ngayon sa Dios, magsisi sa lahat ng iyong mga kasalanan at mga maling gawain at ipangako ang iyong sarili na maglingkod sa Dios at maging mabuti at tapat sa ipinagkatiwala Niya sa iyo sa maging mabuting katiwala ng iyong mga mapagkukunan na pangasiwaan ang mga ito ayon sa Kanyang Salita at Kanyang kalooban. Tayo ay manalangin……

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay mula sa mga patay upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon salamat para sa iyong salita na ipinakita sa akin ng malinaw ang iyong mga landas at kalooban. Panginoon salamat para sa lahat ng pagtutuwid, mga pagsaway at ang pagpapayo na Aking tinanggap sa mensaheng ito. Panginoon salamat para sa lahat ng pag uudyok na Aking tinanggap sa mensaheng ito at sa lahat ng mabubuting bagay at gantimpala na Aking tinanggap mula sa iyo.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyong mga kasalanan at ipangako ang iyong sarili na maglingkod sa Kanya. Ipagtapat at talikdan ang lahat ng mga gawa ng laman sa iyong buhay; pagsisinungaling, pandaraya, panlilinlang, pagnanakaw, pang aabuso, pananamantala, pakikipagaway, galit, poot, matinding galit, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan, pabaha-bahagi, pagmamataas, pagkamakasarili, kawalan ng malasakit sa iba, pagiimbot, pagseselos, pagpatay, pagnanasa, imoralidad, kasakiman, walang katarungan, kasamaan, kamunduhan, at ang iyong pagibig para sa salapi at materyal na mga bagay. Talikdan ang pagdadalamhati, pagsisinungaling, pag iinsulto at pagdulot sa Banal na Espiritu na mangimbot. Ipagtapat at talikdan ang iyong takot sa tao at ang iyong kawalang kahandaan na dumaan sa pamamagitan ng pag uusig. Ipagtaapt at talikdan ang iyong pagmamapuri, pakikipagkompromiso, katiwalian at walang katarungan. Ipagtapat at talikdan ang lahat ng iyong katigasan ng ulo, pagsuway at naantalang pagsunod. Ipagtapat at talikdan ang iyong kawalan ng pananampalataya at pagdududa sa isip. Ipagtapat at talikdan sa paggawa ng iyong sariling kalooban at mga plano at hindi ang kalooban ng Dios at angn Kanyang plano sa iyong buhay. Ipagtapat at talikdan ang iyong hindi tapat, walang pagpapasalamat, pagrereklamo at pagmamaktol. Ipagtapat ang iyong kakulangang magbasa ng Salita ng Dios at buhay pananalangin. Ipagtapat at talikdan ang iyong pakikisama sa mga hindi mananampalataya, sa mga kaibigan at pagkaalipin sa Media, mga Balita at laro. Ipagtapat at talikdan ang iyong masamang pangangasiwa, pagsasayang ng iyong mga mapagkukunan at kakulangan ng pag iikapu at pagbibigay sa Dios, ang iyong katamaran, ang iyong pagkakakampante, ang iyong masamang halimbawa at ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios at magdusa para sa Kanya. Panginoon patawarin ako, Ako'y nagsisi mula sa mga sumusuniod na kasalanan* ______________________________

*Panginoon itinalaga ko ang aking sarili sa mensahe na aking tinanggap ngayon, na maging mabuti at tapat na lingkod at magpasalamat sa iyo at simulang maglingkod sa iyo at maging mabuting katiwala para sa aking buhay, katawan at kaluluwa, oras, mapagkukunan, mga talento, at espirituwal na mga kaloob, at mabuting halimbawa sa iba upang sumunod sa iyo. Panginoon itinalaga ko ang aking sarili na mamuhay ayon sa iyong kalooban at sa mabuting plano na mayroon ka sa akin. Panginoon, itinalaga ko ang aking sarili na maging mabunga at produktibong tao sa iyong Kaharian. Itaas mo ako ng iyong biyaya at maglaan para sa akin upang patuloy na maglingkod sa iyo.*

*Panginoon dalangin ko sa aking mga kapatid na Lalaki at Babae na nagsisi at itinalaga ang kanilang buhay upang mamuhay para sa iyo. Panginoon dalangin ko para sa kanila na baguhin sila sa pamamagitan mo upang gawin ang iyong gawain at maging mabunga at tapat sa ipinagkatiwala mo sa kanila. Panginoon protektahan mo sila, maglaan para sa kanila at bigyan sila ng mabuting kalusugan at kalakasan upang matupad ang kanilang ministerio at ang mga takdang gawain na ipinagkatiwala mo sa kanila.*

*Panginoon dalangin ko para sa amin bilang Simbahan ng Dios na kami'y magpapatuloy na maging tapat sa iyo; paglilingkuran ka ng buong puso at gamitin ang lahat ng mga mapagkukunan na mamunga at kunin ang lahat ang pinaka pagkakataon. Panginoon itinatalaga namin ang aming sarili na patuloy na magturo sa iyong bayan upang maging mabuting katiwala, at ituwid sila ayon sa iyong Salita, kalooban at sa iyong plano para sa kanila. Panginoon dalangin ko ang higit na pag eevangelio at maraming pag aaral ng Bibliya na maitanim at maraming manggagawa na sanayin. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob upang patuloy kaming maglingkod sa iyo. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami mula sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga Kinakailangan sa Pagtawag ng Dios Yugto 42. Ang Talinghaga ng mga Talento. Mateo 25:14-30. Mateo 28:18-20. Kawikaan 24:30-32. Kawikaan 6:6-11. Kawikaan 14:4. Kawikaan 13:4. Kawikaan 19:24. Kawikaan 22:13. Kawikaan 20:4. Kawikaan 26:13-16. Kawikaan 21:25. Ezekiel 16:49. Hosea 4:6.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansiyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com.